

EDITORIAL

Pagbayarin ang US-Zionistang Israel sa henosidyo sa mamamayang Palestinian

Dapat lubos na batikusin ang isinasagawang gerang henosidyo ng US-Israel laban sa mamamayang Palestinian. Sa nagdaang dalawang linggo, lalong pinasidhi ang gerang ito sa anyo ng walang-habas na pambobomba sa Gaza sa tangkang pulbusin ito at palayasin ang mga naninirahan doon.

Dinala ng estado ng Israel sa panibagong antas ng kabuktutan ang ilang dekada nang henosidyo para ganap na palayasin ang mga Palestinian mula sa kanilang lupang tinubuan.

Ilanlibong bomba ang inihulog sa Gaza, isang parsela ng lupa na may pinakamakapal na populasyon sa buong mundo. Walang pagtataning inasinta ng pambobomba ang populasyon at imprastrukturang sibilyan, kabilang ang mga bahay at *apartment*, mga paaralan, ospital,

simbahan, at pasilidad pangkalusugan, mga gusaling komersyal at mga tanggapan ng negosyo at midya. Winasak ng pambobomba ang mga imprastruktura para sa tubig at kuryente at ginigipit ang suplay ng pagkain at langis.

Sa loob ng dalawang linggo, hindi bababa sa 4,100 Palestinian sa Gaza ang nasawi, kabilang ang mahigit 1,400 bata, habang mahigit milyon ang nawalan ng tirahan at dumaranas ng gutom at pangamba. Pinakakahindik-hindik ang pagma-

saker sa mahigit 600 Palestinian sa ginawang pambobomba ng Israel sa isang ospital sa hilagang bahagi ng Gaza kung saan libu-libo ang nakasukob at nagpapagamot.

Mahigit dalawang milyong Palestinian ang nagsisiksikan sa Gaza, isang maliit na sulok ng lupa sa silangang baybayin ng Mediterranean Sea. Pinalibutan ito ng Israel ng matataas na bakod, at lahat ng paglabas-masok dito ay kontrolado ng Israel Defense Force. Humigit-kumulang tatlong milyong Palestinian naman ang naninirahan sa mga komunidad sa West Bank, isang teritoryong nasa kontrol ng mga pwersa ng Israel, katuwang ang Palestinian Authority na itinayo sa bisa ng mga kasunduang



itinulak ng US.

Ang walang pakundangang pambobomba sa Gaza ay nagpapaa-lala sa malupit na kasaysayan ng pang-aapi na dinanas ng mga Palestinian. Ang lupa ng Palestine ay sinaklot ng kolonyal na kapangyarihan ng United Kingdom noong 1917. Mula idineklara ng UK noong taong iyon ang planong magtayo ng "bansa ng mga Hudyo" sa lupa ng Palestine, wala nang hinto ang dinanas na pang-aapi at pagpapalayas ng mga Palestinian. Isinagawa ito sa ngalan ng Zionismo, ang upisyal na ideolohiya ng estado ng Israel, na nakatuon sa pagpuksa sa mamamayang Palestinian. Rumurok ang pang-aaping ito noong 1948 sa tinawag na Al Nakba o Ang Sakuna.

Dapat ubos-kayang tuligsain ang imperyalismong US sa tahasang pagsuporta nito sa henosidyong isinasagawa ng gubyernong Israel. Ipinagtatanggol pa ng US ang malalalang krimen at paglapastangan ng Israel sa internasyunal na makataong batas. Plano pa ng gubyernong US na bigyan ng \$10 bilyon ang Zionistang Israel, mas malaki kaysa taunang \$7 bilyong ibinibigay nitong ayudang militar, na pinakamalaki sa buong mundo, kapalit ng pagsisilbing balwarte ng imperyalismong

US sa Middle East.

Bilang mamamayang dumanas ng kolonyal na pananakop at pang-aapi sa loob ng ilandaang taon, lubos na nababatid ng sambayanang Pilipino ang dinaranas ng mamamayang Palestinian at ang hangarin nila para ibalik ang tunay na kala-yaan sa kanilang lupang tinubuan.

Ang pakikibaka ng mamamayang Palestinian at sambayanang Pilipino ay binubuklod rin ng paglaban sa komun na kaaway—ang imperyalismong US, ang kapangyarihan sa likod ng kapwa dinaranas na kabuktutan at kaapihan. Nakasandal sa US at sunud-sunuran sa among imperyalista kapwa ang estado ng Israel na umaapi sa mga Palestinian, at ang reaksiyunaryong estado sa Pilipinas na umaapi sa sambayanang Pilipino.



Nakapadron sa walang-habas na pambobomba ng US sa Afghanistan at Syria "laban sa mga terorista" ang ginagawang pambobomba ngayon ng Israel sa syudad ng Gaza. Sa ganoon din nakapadron ang ginawang pagpulbos sa Marawi noong 2017, at ang walang pakundangang pambobomba ngayon ng AFP sa iba't ibang bahagi ng kanayunan ng Pilipinas. Ang mga kumpanyang militar mula sa US at Isra-

el ang tagapagsuplay ng mga eroplano, bomba, *drone* at iba pang kagamitan ng AFP sa ginagawang pambobomba at armadong panunupil sa tabing ng "kontra-insurhen-sya."

Ang mga armadong opensibang pinasimunuan ng grupong Hamas noong Oktubre 7 sa Gaza laban sa mga pwersang militar ng Israel ay muling pagsiklab ng galit ng mamamayang Palestinian sa dinaranas nilang walang habas na pang-aapi at panggigipit sa ilalim ng Zionistang estadong Israel.

Ang armadong paglaban ng mga Palestinian ay tinawang na "terorismo" ng Israel at ng US (pati na ng gubyerno ni Marcos), katulad na kinukundena ng mga imperyalista ang lahat ng armadong rebolusyonaryong kilusan sa Pilipinas, India, Turkey at iba pang bansa. Subalit katulad ng ipinakikita sa henosidyo laban sa mamamayang Palestinian, ang tunay na terorista ay ang estado ng Israel, na may lubos na suporta ng imperyalismong US, ang numero unong terorista sa buong mundo. Terorismo ng estado rin ang dinaranas ng sambayanang Pilipino, sa sadyang pag-asinta ng mga armadong pwersa ng estado sa mga hindi armadong mamamayan para takutin sila at supilin ang kanilang paglaban.

Sa harap ng dinaranas na pambansang pang-aapi ng mamamayang Palestinian at sambayanang Pilipino, kapwa sila may angking karapatang humawak ng sandata at bagtasin ang landas ng armadong paglaban. Ang kasaysayan ng pakikibaka ng mamamayang Palestinian, katulad ng kasaysayan ng pakikibaka ng sambayanang Pilipino para sa pambansang kalayaan, ay kasaysayan ng armadong paglaban. Inilulunsad nila ang digma ng isang maliit at mahinang pwersa, laban sa isang malaki at makapangyarihang pwersa. Kapwa ito mga digma ng bayan na makatwiran at makatarungan, sinusupportahan ng malawak na demokratikong pwersa ng mamamayan, at tiyak na magkakamit ng tagumpay.

<div><p>Tomo LIV Blg. 20 Oktubre 21, 2023</p></div>	
<p>Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles.</p> <p>Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.</p>	
<h2>Nilalaman</h2>	
<p>Editorial: Pagbayarin ang US-Israel sa henosidyo sa mamamayang Palestinian 1</p> <p>Al-Aqsa Flood: rebolusyon sa Palestine 3</p> <p>Protesta para sa Palestine sa buong mundo 4</p> <p>Buwan ng magsasaka, ginunita 4</p> <p>Mga protesta 4</p> <p>Kumperensyang teoretikal ng NDF 5</p> <p>Sa madaling salita 6</p> <p>Si Kasamang Yuds at ang armadong pakikibaka 7</p> <p>Mapangwasak na pagmimina sa Batangas 8</p> <p>Ka Jude, pinarangalan 9</p> <p>59th IB, inambus ng BHB-Batangas 9</p> <p>Mga organisasyon sa India, ginigipit 9</p> <p>Bata, 5 sibilyan, pinaslang ng AFP 10</p>	
<p>Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas</p>	
<div> ang.bayan@cpp.ph</div>	

Al-Aqsa Flood, panibagong antas ng armadong paglaban sa Palestine

Nagulantang ang mundo nang ilunsad ng Izz ad-Din al-Qasam Brigades, ang armadong bisig ng grupong Hamas ng Palestine, ang mapangahas na armadong aksyon na bumasag sa terorismo at mahigpit na kontrol ng Israel sa Gaza. Nagsimula ang aksyong tinawag na Al-Aqsa Flood noong madaliling-araw ng Oktubre 7 sa pagpakawala ng mga misayl na tumarget sa mga base at pwersang militar ng Israel.



Sinundan ito ng pagsalakay ng libu-libong armadong Palestinian na bumutas sa pangkulungang bakod na ipinalibot ng Israel sa Gaza. Mabilis nilang naggapi ang mga pwersang Israeli at puu-puong pwersa nito ang nabihag sa digma.

Inilinaw ng Hamas na una, ang Al-Aqsa Flood ay isang dependibong armadong aksyon na tugon sa 75-taon nang pagdurusa ng kanilang mamamayan sa ilalim ng brutal na pananakop ng Israel. Pangalawa, sumusunod ito sa mga alintuntunin sa digma kung saan pangunahing target ang mga armadong pwersa ng Israel at binigyan nito ng pagpapahalaga ang kaligtasan ng mga sibilyan.

“Sa nakaraang 75 taon, sabik ang mamamayang Palestinian sa kalayaan at pagpapapasya sa sari-li,” pahayag ng pamunuan ng Hamas sa isang nakabidyong pahayag. Ang batayang karapatang ito ay hinadlangan ng okupasyon ng Israel at kainutilan ng internasyunal na komunidad na panindigan ang obligasyon nito alinsunod sa napakarami nang resolusyon sa United Nations para makamit ang pambansang karapatan ng Palestine.

“Walang makatatangi sa karapatan ng sinumang mamamayang sinakop na labanan ang mananakop sa pamamagitan ng anuman at lahat ng paraan, kabilang ang armadong paglaban,” ayon sa Hamas.

Anito, paulit-ulit na itong nagbabala ng pagsambulat ng galit ng mga Palestino dahil sa kawalang pakundangan at labis-labis na pagmamalupit ng Israel. Kabilang dito ang paulit-ulit na pananakop ng mga pwersang Israeli sa moske ng Al-Aqsa, isang banal na lugar para sa mga Palestino, okupasyon sa nalalabi nilang mga teritoryo sa Jerusalem, at pagmamalupit sa mga bilanggong pulitikal. Ibinigay ding batayan ng Hamas ang walang awat na pagkubkob ng Israel sa Gaza sa nakaraang 17 taon at ang pagbabakod sa syudad para ikulong sa tinaguriang “pinakamalaking bukas na kulungan” ang milyun-milyong Palestinian.

“Ang dakilang paglaban ng mga Palestino ay nagbukas ng bagong kabanata ng pakikipagsagupaan para sa dignidad,” deklara naman ng Masar Badil (Palestinian Alternative Revolutionary Path Movement.)

Nanawagan naman ang Popular Front for the Liberation of Palestine sa lahat ng mga Palestino sa West Bank, Al Quds at sa mga teritoryong sinakop ng Israel na “kumilos at pasiklabin ang isang kumprehensibong *intifada* (pag-aaklas ng masa) sa harap ng kriminal na kaaway at tagasunod nitong mga setler” bilang tugon sa pangmamasaker ng Israel.

Brutal na okupasyon

Marahas na binura ang bansang Palestine noong 1948 sa tinawag na

Al Nakba (Ang Sakuna) kasabay ng pagbubuo ng estadong Israel. Tina-tayang 500 komunidad ang winasak, 15,000 Palestinian ang pinatay at 750,000 ang pinalayas ng noo'y mga Zionistang paramilitar. Sinakop nito ang 78% ng noo'y bansang Palestine, at tanging ang magkahiwalay na tipak sa West Bank at Gaza ang itinira sa mga Palestinian.

Sa sumunod na mga dekada, libu-libo pang Palestinian ang pinatay at milyun-milyon ang pinalayas sa walang kabusugang pang-aagaw ng lupa at rekursong Zionistang rehimen. Umaabot sa 250 “settlement” ang ilegal na itinayo nito sa West Bank at East Jerusalem. Sa East Jerusalem lamang, umaabot sa 100,000 ektarya ang inagaw ng Israel.

Kinubabawan ng Zionistang rehimen ang yaman at rekursong at bawat aspeto ng buhay Palestino, laluna sa West Bank. Kasabwat ang Palestinian Authority na itinayo at pinopondohan ng Israel at US, ipinwesto nito ang pasistang makinarya para supilin ang lahat ng paglaban ng mamamayang Palestinian at unti-unting burahin ang kanilang lahi. Liban sa araw-araw na pang-aapi at pandarahas, di bababa sa apat na mayor na kampanyang militar ang inilunsad nito sa Gaza mula 2007 sa pagtatangkang paluhurin at gapiin ang paglaban ng mamamayan dito.

AB

Mga protesta para sa Palestine, sumiklab sa buong mundo

Daan-daang libong mamamayan sa iba't ibang bansa ang humugos sa mga kalsada bilang suporta sa pakikibaka ng mamamayang Palestinian para sa tunay na kalayaan at laban sa gerang henosidyo ng Israel. Kumalat ang mga kilos-protesta sa 40 bansa at sa iba't ibang syudad sa loob ng mga bansang ito.

Pinabulaanan ng mga raliyista ang sistematikong disimpormasyon na ipinalalaganap ng Israel, US at mga bansang sumusuporta sa henosidyo na dumadaloy sa dambuhalang imperyalistang makinarya sa mas-midya at pati sa *social media*. Anila, hindi “gera” o “sigalot ng Israel-Hamas” ang nagaganap sa Gaza kundi lantarang henosidyo.

Sa Pilipinas, libu-libong mamamayang Moro ang nagprotesta sa mga syudad ng Marawi at South Cotabato. Nanindigan silang kaisa sila ng mamamayang Palestinian. Kinastigo ng ilang lider-Moro ang pagsuporta ni Ferdinand Marcos Jr sa Israel gayong libu-libo na ang pinapatay nitong Palestino. Naglunsad naman ng mga protesta bilang pakikiisa ang mga pambansa-demokratikong organisasyon sa Quezon City.

Noong Oktubre 13, inilunsad ang mga kilos protesta sa Jordan, Lebanon, Syria, Iran, Iraq, Pakistan at Egypt sa tinaguriang “Byernes ng Al-Aqsa Flood.” Itinuturing na banal ang Al Aqsa hindi lamang ng mamamayang Palestinian kundi sa iba pang mga Arabo at mga sumasampalataya sa Islam.

Sa US at Canada, sumiklab ang mga protesta sa mayor na mga syudad, kabilang sa New York na nilahukan ng mga Jew at biktima ng mga henosidyo ng mga Nazi. Noong Oktubre 19, pinasok ng mga raliyista ang gusali ng Kongreso ng US para ipanawagan ang pagpapatigil sa henosidyo at pagsasagawa ng tigil-putukan. Kasabay ang protesta sa pagbisita ng presidente ng US na si Joseph Biden sa Israel para ipamalas ang todo-todong suporta ng kanyang

rehimen kay Benjamin Netanyahu, pinuno ng Zionistang rehimen.

Sa United Kingdom at Australia, libu-libo ang sumama sa mga *vigil* at protesta sa mga pangunahing syudad. Sa France, 150,000 ang lumahok sa tinaguriang “Day of Rage” sa kabila ng pagbabawal ng guberno dito. Nagkaroon ng katulad na mga pagkilos sa UK, Germany, The Netherlands, Italy, Spain, Greece, Switzerland, Ireland, Iceland at Norway.

Sa Malaysia, 1,000 ang nagrali at nagsunog ng dalawang *effigy* na may nakasabit na bandila ng Israel. Nagkaroon din ng mga pagkilos sa Yemen, Indonesia, Bangladesh, Japan at Sri Lanka.

Sa South America, nakiisa ang mamamayan sa Mexico, Brazil, Uruguay at Venezuela. Samantala, pinatalsik ng Colombia ang ambasadador ng Israel sa kanilang bansa. Anang presidente nitong si Gustavo Petro, ang pang-aatake ng Israel sa Gaza ay katulad ng henosidyo ng mga Nazi sa mga Jew.

AB

Buwan ng magsasaka, ginunita

SUNUD-SUNOD NA PROTESTA ang inilunsad ng mga grupong magsasaka at kanilang mga tagasuporta bilang paggunita ng Buwan ng Magsasaka. Nagmartsa tungong Mendiola sa Maynila noong Oktubre 20 ang daan-daang mga magsasaka mula sa Cavite, Laguna, Batangas, Rizal, Tarlac, Bulacan, Pampanga, Albay, Sorsogon, Camarines Sur, Masbate at Negros Occidental sa tinagurian nilang Araw ng Protesta laban sa Pang-aagaw ng Lupa, Inhustisya at Gutom.

Noong Oktubre 16, ginunita ng mga magsasaka ang World Hunger Day sa pamamagitan ng pagprotesta sa harap ng Department of Agriculture. Binatikos nila ang kasinungalingan ni Marcos na tumaas na ang bilihan ng palay tungong ₱24 kada kilo. Anila, nasa ₱18-₱20 lamang ang bilihan sa mga palayan, at nangangamba silang babagsak ito tungong ₱12 kada kilo sa kasagsagan ng anihan.

Ginunita naman ng kababaihang magsasaka ang International Rural Women's Day noong Oktubre 15 sa isang protesta laban sa kawalang-lupa, gutom at militarisasyon.



Barikada kontra-demolisyon sa Angeles City. Nagtayo ng barikada noong Oktubre 16 ang mga residente ng Sityo Balubad, Barangay Anunas, Angeles City para labanan ang planong demolisyon ng Clarkhills Properties Corporation sa kanilang mga bahay. Tatamaan ng demolisyon ang mahigit 500 bahay at 2,000 residente na nakatira sa 72-ektaryang lupang kinakamkam ng naturang kumpanya.

Reklamasyon sa Dumaguete City, tinutulan. Mahigit 200 taong-simbahan, mga tagapagtanggol ng kalikasan, kabataan at residente sa baybayin ng Dumaguete City ang nagtipon sa Pantawan, Rizal Avenue, Barangay 5 para sa “Ecumenical Walk for Creation” noong Oktubre 15. Ipinawagan nila ang pangkalikasang hustisya at proteksyon laban sa mapanirang proyektong reklamasyon.

Human chain laban sa reklamasyon. Mahigit 600 indibidwal, sa pangunguna ng Kalikasan PNE at Pamalakaya, ang gumawa ng *human chain* sa Roxas Blvd, harap ng Manila Bay, para igiit ang pagtigil ng mga proyektong reklamasyon sa buong bansa. Nagpapatuloy ang dredging o paghuhukay ng buhangin sa Manila Bay sa kabila ng kunwa’y utos ni Marcos Jr na isuspendi ang mga ito.

NDFP, naglunsad ng kumperensyang panteorya hinggil sa imperyalismo at gera

Matagumpay na idinaos ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) ang kauna-unahang Pandaigdigang Kumperensyang Teoretikal sa isang bansa sa Europe noong Oktubre 14-15. Dinaluhan ito ng 139 kalahok mula sa iba't ibang partidong proletaryo-sosyalista, anti-imperyalista at demokratiko na kumakatawan sa mga mamamayan ng daigdig mula sa Belgium, Canada, China, Germany, United Kingdom, India, Italy, Turkey, Kurdistan, The Netherlands, North Korea, Pilipinas, Russia South Korea at US.



Inilunsad ang kumperensya sa gitna ng rumaragasang krisis at tumitinding kontradiksyon sa pagitan ng mga imperyalistang bansa. Sa pamamagitan ng mga pahayag at presentasyon mula sa iba't ibang partidong Marxista-Leninista, mga partidong naglulunsad ng Maoistang digmang bayan, at anti-imperyalistang mga organisasyon mula sa iba't ibang bansa, pangunahing tinalakay ng naturang kumperensya ang teoretikal na balangkas ng dimaiwasang gera sa pagitan ng mga imperyalistang bansa at ang mga susing tampok na pangyayari ng mga inter-imperyalistang sigalot. Tinalakay din dito ang pag-aalsa ng manggagawa at mamamayan sa iba't ibang dako ng mundo, at kung ano ang marapat na aktitud at pagsusuri ng pandaigdigang proletaryado sa gitna ng kasalukuyang pandaigdigang kalagayan.

Sa mayor na pahayag ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas, inilinaw nito ang kasalukuyang balanse ng kapangyarihan sa pagitan ng mga imperyalistang bansa. Tinukoy ng PKP na ugat ng higit pang pagtindi ng inter-imperyalistang tunggalian sa mundo ang papatinding agresyon ng US sa pagtatangka nitong igiit ang solong kontrol sa kasalukuyang *multipolar* na kaayusan ng daigdig.

Inilinaw din ng Komite Sentral ng PKP na ang gera sa Ukraine sa pangunahin ay *proxy war* ng US-NATO laban sa Russia, gayundin ang mga nagbabadyang banta ng gera sa Asia. Ginagamit ng US ang

Taiwan at Korea, gayundin ang Pilipinas at iba pang bansa sa tinaguriang nitong “First Island Chain” para palibutan at limitahan ang kapangyarihan sa ekonomya at militar ng China. Ayon sa PKP, ang pambansa demokratikong rebolusyon sa Pilipinas sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan at iba pang porma ng pagmobilisa sa malawak na masa ng mamamayang Pilipino ay ang natatanging kontribusyon nito sa pakikibaka laban sa inter-imperyalistang gera. Ang paglulunsad ng armadong pakikibaka laban sa imperyalismong US at mga papet nito sa Pilipinas ay nagsisilbi upang hadlangan ang mga plano ng US na magudyok at magpaputok ng armadong sigalot sa rehiyon ng Asia.

Bukod sa PKP, kabilang sa nagbahagi ng kanilang mga presentasyon ang Communist Party of India (Maoist), Communist Party of Turkey Marxist-Leninist (TKP-ML), Party of the Committees to Support Resistance for Communism (CARC-Italy), Freedom Road Socialist Organization-USA, Korean Committee for Solidarity with the World People, Russian Communist Workers Party, (New) Communist Party of Canada, Kurdistan National Congress (KNK), Revolutionaire Eenheid (Netherlands), Communist Party of Great Britain (Marxist-Leninist), Communist Party of Belgium, People's Democratic Party (South Korea), Marxistisch-Leninistische Partei Deutschlands (Germany) at mga kasama at eksperto mula sa China.

Tinalakay din ng kumperensya


ang patuloy na pananakop at pambobomba ng Israel sa Palestine sa basbas at suporta ng US.

Naging sustantibo at mayaman ang mga diskusyon sa kumperensya at nagsilbi itong pagkakataon para sa iba't ibang lumalabang mamamayan upang makapagpalitan ng mga ideya at praktikal na karanasan. Sa huli, nanaig ang kaisipan at komitment ng bawat kalahok sa Marxistang pananaw hinggil sa natatanging papel ng pandaigdigang proletaryado na baguhin ang mundo. Gayundin, higit pang napagya-man ang mga pagsusuri at pag-unawa sa teorya at praktika ni Kasamang Lenin hinggil sa imperyalismo, ni Kasamang Mao hinggil sa paglulunsad ng digmang bayan sa mga bansang malapyudal at malakolonyal, at ang kasalukuyang kabuluhan ng papel ng mga kilusan para sa pambansang kalayaan sa pagpapalakas ng pandaigdigang kilusang sosyalista at anti-imperyalista.

Sa pagtatapos ng dalawang-araw na kumperensya, nagkaisa sa pag-unawa ang mga kalahok sa teoretikal na balangkas at pagsuri sa kasalukuyang kalagayan ng daigdig. Inaasahang magsisilbi ito upang makamit ang mas mataas na antas ng pagkakaisa sa hanay ng isang malawakang nagkakaisang prente sa loob ng pandaigdigang kilusang proletaryo-sosyalista at anti-imperyalista bilang paghahanda sa napipintong higit pang pagbulusok ng krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista.

AB

6,000



bombang inihulog ng Israel sa Gaza Strip (sukat: 35,000 ektarya) sa loob ng anim na araw, katumbas ng isang taong pambobomba ng US noong 2019 sa Afghanistan na 1,130 ulit na mas malaki (41.44 milyong ektarya).

6.5%

itinaas ng halaga ng mga sapi ng **Elbit Systems**, 2 araw mula salakayin ng Israel ang Gaza.

Ang Elbit ang pinakamalaking kumpanya ng armas sa Israel at pangunahing katuwang ng pasistang estado nito sa kampanyang henosidyo laban sa Palestine.



Tumaas din nang 6%-15% ang sapi ng 5 nangungunang Amerikanong kumpanya sa armas sa loob ng unang 5 araw ng pambobomba.

17.9%




rice infation o bilis ng pagsirit ng presyo ng bigas noong Setyembre —pinakamataas mula 2009—sa gitna ng ipinataw na *price cap* dito ng rehimeng Marcos.

₱2.697 B

confidential and intelligence funds

ni Sara Duterte bilang meyor ng Davao City noong 2016-2022. Mas malaki ito kumpara sa inilaan niya para sa pabahay, edukasyon at iba pang serbisyong sosyal.

50.9 Milyon



o 44.7% ng mga Pilipino ang walang katiyakan sa pagkain, ibig sabihin, hindi alam saan kukunin ang para sa susunod na kainan. **Pinakamalala ito sa buong Southeast Asia.**



Ika-5

\$23 B



ang tinatayang pinsala sanhi ng 565 sakunang tumama sa Pilipinas mula 1990.



na ang Pilipinas sa pinakamalaking mangungutang sa **World Bank** sa ilalim ng rehimeng Marcos.

Koresponsal:

Si Kasamang Yuds at ang armadong pakikibaka para sa tunay na reporma sa lupa

Isang taon pa lamang mula nang sumapi si Kasamang Yuds sa Bagong Hukbong Bayan, ngunit hindi na bago sa kanya ang paghawak ng baril. Naranasan na niyang mag-armas, kasama ang kanyang angkan, upang ipagtanggol ang kanilang lupa laban sa mga mangangamkam.

Deka-dekada na ang sigalot sa mahigit 100 ektaryang lupang pag-aari ng angkan ni Ka Yuds. Mataba ang naturang lupa at mabunga ang mga pananim dito. Halos dalawang-katlo nito ay ang patag na may nakatanim na 700 puno ng niyog at samutsaring prutas tulad ng lansones, marang at durian.

Noong dekada 2000, pinwestuhan ng pamilyang bantog sa pangangamkam ang lupa nina Ka Yuds. Katuwang ang isang despotikong abogado, inangkin nito ang lupa.

Noong 2004, inokupa nina Ka Yuds ang lupa para bawiin ito. Agad silang sinampahan ng kasong “forcible entry” o pwersahang pagpasok kahit pa mayroon silang kati-bayan ng pag-aari. Hinarap nila ang kaso at napatunayan sa korte na sila ang lehitimong may-ari sa lupa.

Hindi tumigil ang mang-aagaw ng lupa at sinimulan ang marahas na pang-aatake sa pamilya ni Ka Yuds. Iligal nitong ipinaputol ang mga puno ng niyog dahil ito diuman ang puno’t dulo ng alitan. Nagarkila ang mangangamkam ng 20 chainsaw operator na sinamahan ng 60 armadong gwardya para ipatupad ito.

Upang ipagtanggol ang kanilang mga sarili at kanilang teritoryo, bumili at nagpaunlad ng mga armas ang angkan ni Ka Yuds.

Tumindi ang sigalot nang barilin at napatay ng armadong goons ng mangangamkam ang isang taga-akyat ng niyog na

inempleyo nina Ka Yuds. Nakabantay noon sa taga-akyat si Ka Yuds at kanyang pinsan, at ginantihan nila ng putok ang gwardya.

Matapos nito, sinunog ng mga maton ang mga bahay at ibang ari-arian nina Ka Yuds. Dahil dito, napilitan silang lisanin ang kanilang mga bahay tuwing gabi. Sa isang pagkakataon, tinambangan nila ang mga gwardyang may bitbit na mga sulong pansunog ng iba pang bahay. Nakumpiska mula sa mga gwardya ang isang shotgun at granada. Sa hiwalay na insidente, pinaputukan nina Ka Yuds ang mga gwardyang may kasamang chainsaw operator para pigilan ang pagpuputol sa mga puno ng niyog.

Umabot ng isang buwan ang halos araw-araw pang-aatake ng mga gwardya. Sa panahong ito, naputol nila ang lahat ng niyog at dinamay pa ang ilang puno ng prutas. Naki-pagsabwatan sa militar ang mangangamkam ng lupa. Dalawang kaptan ng militar ang direktang nakialam sa kaso. May mga pagkakataon pang tinutukan ng mga sundalo sina Ka Yuds at tinangkang tambangan.

Sa kabila nito, hindi natinag ang

paglaban nina Ka Yuds. Sa paglipas ng panahon, unti-unti nilang napaat-ras ang mangangamkam ng lupa. Matapos mataboy ang mga goons at sundalo sa lupa, maayos na nakaposisyon ang mga kaanak ni Ka Yuds. Naibalik nila ang halos naubos nilang mga tanim at napaunlad ang produksyon. Naging bahagi sila ng mas masaklaw na organisasyon ng magsasaka. Pinangunahan ni Ka Yuds ang kanilang organisasyon at itinayo ang isang kolektibong sakahan.

Sa sumunod na mga taon, naging aktibo si Ka Yuds sa mas malawak na pakikibakang magsasaka. Pinamunuan niya ang mga negosasyon at pakikibaka para sa karapatan ng mga magsasaka sa lupa, pagtulong sa mga biktima ng demolisyon, pagtatanggol sa mga Lumad laban sa pang-aagaw sa lupang nino at pagtutol sa pagpasok ng mga mapangwasak na proyekto tulad ng mina at plantasyon.

Sa harap ng panggigipit at banta sa kanyang buhay, nagpasya siyang magpakanlong sa proteksyon ng armadong kilusan, at kalaunan, buong-panahong kumilos bilang Pulang mandirigma.

Masigasig si Ka Yuds sa loob ng hukbong bayan. Nagsilbi siyang halawan ng mga aral sa mga usapin sa lupa. Pino at malinaw niyang naipaliwanag ang mga ugat ng tunggalian sa lupa at ang nararapat na gawin hinggil dito.

“Hindi sapat ang ligal na pakikibaka para makamit ang karapatan sa lupa,” ayon kay Ka Yuds, batay na rin sa kanyang naging karanasan. “Kailangang humawak ng armas para tapatan ang kalupitan ng naghaharing uri at mga kasabwat nila sa guberno.”

(Mula sa Ang Kalihukan, upis)

na pahayagan ng NDF-North Central Mindanao.)

Banta ng mapangwasak na pagmimina sa Batangas

Minamadali ngayon ng Bluebird Merchant Ventures Ltd (BMV), kumpanyang nakarehistro sa British Virgin Islands, ang mga proseso at permit para masimulan ang Batangas Gold Project sa Lobo, Batangas. Kasosyo ang kumpanyang Alpha-Diggers Inc, target nitong makapaghukay ng 440,000 onse o 12.43 toneladang ginto sa 1,164 ektarya na sasaklawin ng pagmimina.



Noong Hunyo, binigyan ang kumpanya ng permit para isagawa ang kaukulang mga pag-aaral at paghahanda para sa “underground mining operation.” Karugtong ito sa naunang permit para sa eksplorasyon na iginawad sa Mindoro Resources Limited (MRL) na dating nagmimina sa bayan ng Lobo. Saklaw ng proyekto ang mga barangay ng Nagtotoctoc, Nagtaluntong, Mabilog na Bondoc at Sawang.

Dagdag sa minang nabanggit, may isa pang minahan ang BMV sa Barangay Balibago na may lawak na 1,011 ektarya. Nakapailalim ang dalawang proyekto sa isang Mineral Sharing Production Agreement (MPSA) na may bisang hanggang 25 taon. Tatagusin ng dalawang minahan ang pinakamalaking kabundukan ng Lobo tulad ng Mt. Naguiling, Mt. Masalakot-Nalayag Monolith, Mt. Lobo-Bangkalan at Nagpatong Peak.

Dati nang tinutulan ng mga residente ng Lobo at karatig na mga bayan ang proyektong pagmimina dahil sa idudulot nitong pinsala sa kalikasan. Noong 2015, inamin ng MRL na plano nitong gumamit ng nakalalasong kemikal na *cyanide* para sa pagmimina. May pangambang umapaw ang kemikal mula sa minahan tungo sa ilog ng Lobo at palabas sa karagatan. Isasapanganib nito ang Verde Island Passage, ang tinaguriang sentro ng mga sentro ng *marine biodiversity* o yamang pangkaragatan sa buong mundo. Liban dito, maaari itong sipsipin ng lupa at humalo sa inuming tubig.

Iba pang mapangwasak na proyekto

Bukod sa dayuhang pagmimina sa Lobo, samutsaring mga minahan at mga proyekto sa enerhiya, ekoturismo at iba pang imprastrukturang mapangwasak sa kalikasan ang isinasagawa sa Batangas. Mayroong limang MPSA, dalawang permiso para magproseso ng mineral, walong aplikasyon para sa MPSA, at 35 aplikasyon para sa eksplorasyon sa prubinsya.

Sa bayan ng Taysan, tuluy-tuloy ang operasyong pagkukwari ng Republic Cement and Building Material, Inc, kumpanya ng CRH-Aboitiz, na sumisira sa mga bundok, sakahan at ilog.

Sa San Juan, 12 barangay ang nakaambang saklawin ng proyektong *geothermal* habang kinahaharap ng ilang barangay sa Rosario ang “proyektong pangkaunlaran” ng San Miguel Corporation. Tuluy-tuloy din ang pagtatayo ng mga plantang pang-industriya sa mga bayan na saklaw ng Batangas Bay kabilang ang mga terminal ng Liquefied Natural Gas (LNG) na nagdudulot ng matinding polusyon sa hangin at karagatan.

Sa kanlurang Batangas, libu-libong ektaryang lupang sakahan ang ipinapalit-gamit para sa malalawak na plantang solar ng malalaking burgesyang komprador tulad ng pamilyang Legarda at Roxas. Bukod pa rito ang libu-libong ektaryang “pinanunlad” para maging pook-aliwan ng mayayaman tulad ng Sandari-Batulao wellness village, Batulao Artscares, Punta Fuego, Hamilo

Coast at iba pa.

Tuluy-tuloy din ang ekspansyon o pagpapalawak sa Batangas International Port na nakaambang magpalayas sa daan-libong maralitang naninirahan sa mahigit 30 barangay ng Batangas City na nasa paligid nito. Layunin nitong magamit ang pantalan sa paglalabas ng minahang ginto, pilak at tanso tungo sa ibang bansa.

59th IB: Ahente ng pandarambong

Para tiyakin ang todong paglaraga ng mga proyektong ito, walang tigil na mga operasyon ang inilulunsad ng 59th IB sa prubinsya. Sa kasalukuyan, pangunahing sinasaklaw ng mga operasyong kombat nito ang kulumpon ng mga barangay sa mga kabundukan ng Lobo, Taysan at San Juan para sa Batangas Gold Project.

Sa talaan ng Ang Bayan, hindi bababa sa 60 ang mga kaso ng paglabag sa karapatang-tao ng 59th IB simula nang maupo si Marcos sa poder. Kabilang sa karumal-dumal na krimen ng yunit na ito ang pagpatay sa 9-taong gulang na si Kylene Casao noong Hulyo 18, 2022 sa Taysan at sa magsasakang may kapansanan sa pag-iisip na si Maximino Digno noong Hulyo 26, 2022 sa Calaca. Ang yunit na ito rin ang pasimuno sa paggamit ng Anti-Terrorism Law para kasuhan at gipitin ang mga tagapagtanggol sa karapatang-tao.

Pinamumunuan ng berdugong si Lt. Col. Ernesto R Teneza Jr ang 59th IB na nakahimpil sa Barangay Tulos, Rosario, Batangas.

AB



HUSTISYA PARAKAY KA JUDE

Beteranong organisador ng manggagawa, pinarangalan

Nilunsad ng mga pambansa-demokratikong organisasyon, sa pangunguna ng mga samahang manggagawa at anakpawis, ang tatlong araw na parangal para kay Jude Thaddeus Fernandez o Ka Jude, beteranong organisador ng Kilusang Mayo Uno (KMU), sa University of the Philippines (UP)-Diliman noong Oktubre 10 hanggang Oktubre 12.

Pinatay si Fernandez ng mga pwersa ng estado noong Setyembre 29 sa kanyang tinutuluyang bahay sa Rizal. Pinalabas siyang nanlaban, bagay na pinabulaanan ng *fact-finding mission* na tumungo sa lugar na pinangyarihan.

Pinahirapan pa ng mga pulis ang pamilya na bawiin ang kanyang mga labi. Itinanggi nilang si Ka Jude ang kanilang pinatay, kundi isang “Oscar Dizon” na siyang nakalagay na pangalan sa sinasabing mandamyentong inihain sa kanya.

Deka-dekada nang organisador ng masang anakpawis si Fernandez. Nagsimula siyang kumilos noong 1975 habang mag-aaral siya sa UP-Los Baños. Kabilang siya sa mga nanguna sa kampanya para sa pagbabalik ng demokratikong sangguniang mag-aaral, ng malayang mga pahayagang pangkampus, representasyon ng mga mag-aaral sa UP Board of Regents at pagbabalik ng Philippine History and Institution sa kurikulum.

Kasama ang ibang kabataan mula sa unibersidad, sumanib si Ka Jude sa kilusan ng uring manggagawa at manggagawang bukid sa panahon ng batas militar. Tampok ang naging papel niya sa pag-oorganisa ng mga manggagawa ng Sunripe Dessicated Coconut Industry sa Magdalena, Laguna, na nanguna sa pagbabandila tunay, palaban at makabayang unyonismo at militanteng mga pakikibakang masa sa panahong iyon.

Kinilala din ng Partido Komunista ng Pilipinas ang malaking ambag ni Ka Jude bilang proletaryong rebolusyonaryo sa pagsusulong ng mga pakikibakang masa, gayundin ng armadong rebolusyunaryong kilusan laluna sa Southern Tagalog, pati na sa Central Luzon. Ang mayaman niyang karanasan sa pag-oorganisa at pagpapakilos ang nagsilbing gabay sa tuluy-tuloy na pagpapalakas ng kilusang masa sa iba't ibang rehiyon at sektor.

AB

59th IB, inambus ng BHB-Batangas

HINDI BABABA SA lima ang kaswalti sa hanay ng kriminal na 59th IB sa pananambang ng mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Batangas sa Barangay Bignay, Lobo, Batangas noong Oktubre 16 ng umaga. Ayon sa ulat ng BHB-Batangas, pinasabugan nila ang isang iskwad ng mga pasistang tropa bago nakipagpalitan ng putok. Matapos ang operasyon, ligtas na nakaatras ang yunit ng BHB.

Samantala, napatamaan din ng BHB-Batangas ang umaataakeng yunit ng 59th IB noong Oktubre 15 ng umaga sa Barangay Bignay. Nailunsad ng yunit ang isang aktibong depensa laban sa isinagawang pananambang ng yunit ng 59th IB.

Mga upisina ng demokratikong organisasyon sa India, nireyd ng mga pwersa ng estado

NIREYD NG MGA operatiba ng National Investigation Agency (NIA) ng reaksyunaryong gubyerno ng India ang mga upisina ng iba't ibang demokratiko at maka-mamamayang organisasyon sa Andhra Pradesh at Telangana noong Oktubre 2. Sa ulat ng Forum Against Corporatization And Militarization (FACAM), hindi bababa sa 12 organisasyon ang intake ng mga pwersa ng estado. Ang mga pagsalakay ay may kaugnayan sa sinasabing kaso ng “ugnayan sa mga Maoista” ng mga organisasyon noong 2021.

Inaresto sa reyd si Chandra Narasimhulu, isang upisyal ng Pragatisheela Karmika Samakya (PKS) sa Andhra Pradesh. Ayon sa FACAM, pinalalabas ng gubyerno ng India na nakuha sa kanya ang 1.3 milyong rupee at isang pistola na mayroong mga bala.

“Ang mga organisasyong ito ay matagal nang naninindigan laban sa mga paglabag sa karapatang-tao at panunupil sa demokratikong paggigiit laban sa pandarambong ng mga korporasyon sa hitik-sa-likas na yamang gitnang rehiyon ng India,” ayon sa FACAM.

Ayon pa sa grupo, ang mga reyd na ito ay bahagi ng padron ng pagsupil sa mga progresibo at demokratikong organisasyon sa buong India sa alegasyon ng “ugnayan sa mga Maoista.” Nakararanas din ng panggigipit at reyd ang iba pang mga organisasyon sa ibang estado ng India sa mga gawa-gawang alegasyon. Taktika umano ito para supilin at patahimikin ang lahat ng boses ng pagtutol at kritisismo sa gubyerno ng India.

Ang serye ng koordinadong mga reyd ay isinagawa sa 64 na lokasyon sa mga estado ng Jharkhand, Bihar, Uttar Pradesh, Andhra Pradesh at Telangana.

Bata, 5 sibilyan, pinaslang ng AFP

Pinaslang ng mga pwersa ng Armed Forces of the Philippines (AFP) sa tatlong magkakaibang insidente ang isang 2 taong gulang na bata at limang sibilyan sa Negros Occidental, Abra, at Western Samar sa nagdaang mga linggo. Sa mga insidenteng ito, pinalabas ng AFP na mga mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang mga biktima para ikubli ang kanilang krimen.

Sa Western Samar, pinaulanan ng bala ng mga sundalo ng 63rd IB ang bahay ng pamilyang Obiado sa Sityo Salvacion, Barangay San Nicolas, San Jose de Buan noong Setyembre 25. Agad na napaslang sa pamamaril ang magsasakang si Ronie Obiado at 2-taong gulang niyang apo na si Intoy, habang nakaligtas ang tatlo pa, kasama ang magulang at lola ng bata. Gayunpaman, hindi pa natutuntong ang kinaroroonan ng asawa ni Obiado matapos ang insidente.

Sa Negros Occidental, basta na lamang binaril at pinatay ng mga sundalo ng 79th IB ang mag-asawang magsasaka na sina Christian Job Vargas at Maily Salgado noong Oktubre 17 sa Sityo Nabalas 1, Barangay Canlusong, E.B. Magalona.

Naulila ng mag-asawa ang kanilang mga anak na may edad lima, isang taon, at limang buwan.

Sa Abra, pinaslang ng 77th IB ang 68-anyos na magsasakang si Antonio Diwayan Agliwan na magisa sa kanyang bahay sa Sityo Talipugo, Barangay Buneg, Lacub, noong Oktubre 13 ng hapon. Iginiit ng mga kaanak ng biktima na sibilyan si Agliwan.

Samantala, inilinaw ng BHB-Abra na sibilyan at hindi Pulang mandirigma ang napatay ng mga sundalo noong Oktubre 3 sa hangganan ng Barangay Gacab, Malibcong at Barangay Ableg, Daguioman sa Abra. Taliwas sa sinasabi ng 24th IB, walang naganap na engkwentro dito.

Pag-aresto. Inaresto ng mga pwersa militar ang 70-anyos na si Dolores Rapsing-Belibit, kapatid ng martir na si Jose Rapsing, sa Barangay Bolo, Masbate City, Masbate noong Setyembre 30. Sinampahan siya ng mga kaso ng pagpatay,

tangkang pagpatay, at iba pang krimen na ayon sa mga kamag-anak ay puro gawa-gawa ng militar.

Iligal ding inaresto ng mga pwersa ng estado sina Nilo Mabuti Almoradie, 58 anyos, at Melanie Tupas Amor sa Barangay Piña, San Jacinto noong Oktubre 2 sa mga kasong pagpatay. Si Almoradie ay walang-batayang pinararatanan na “3rd most wanted” sa bayan ng San Jacinto.

Inaresto sa hindi pa malinaw na mga kaso ang organisador ng mga katutubo na si Reymart Moneda noong Oktubre 16 sa Barangay Magsaysay, Infanta, Quezon ng mga sundalo ng 1st IB. Kasalukuyan siyang nakadetina sa istasyon ng pulis sa Infanta.

Panggagahasa. Dalawang babae sa Bongabong, Oriental Mindoro ang ginahasa ng mga sundalo ng 203rd IBde at CAFGU noong Agosto, ayon sa ulat ng National Democratic Front (NDF)-Mindoro noong Oktubre 8.

Ginahasa si “Rose” ng mga elemento ng CAFGU noong Agosto 28 sa Barangay Hagan. Ang ikalawang biktima naman na si “Ana” ay isang katutubong residente ng Barangay Lisap.

Pambobomba. Tuluy-tuloy na nanganyon sa loob ng isang linggo mula Setyembre 23 hanggang Setyembre 29 ang 87th IB sa barangay San Nicolas at Aguingayan sa San Jose de Buan, Western Samar. Noong Setyembre 23, hindi bababa sa 17 kanyon ang pinasabog nito mula alas-8 ng gabi hanggang alas-4 ng madaling araw kinabukasan.

Pambubugbog. Noong Oktubre 3, binugbog ng mga elemento ng 203rd IBde ang tatlong Mangyan-Buhid na mga residente ng Bara-

ngay Manoot, Rizal, Occidental Mindoro. Iligal ding hinuli ng mga pasista si Nano Dam-in.

Panggigipit. Sinakal, isinubsob ang mukha sa lupa, at pinagbantaang papatayin ng mga sundalo ng 2nd IB ang kasalukuyang barangay tanod at kumakandidatong kagawad sa Barangay Matubinao, Cاتاingan, Masbate na si Ariel Urag noong Oktubre 12. Sinalakay ng 15 sundalo ang bahay para takutin si Urag at pasunurin sa kanilang mga utos.

Noong Oktubre 12, ipinadala ng Department of Justice ang isang *subpoena* o pagpapatawag kina Jonila Castro at Jhed Tamano para harapin ang mga kasong *perjury* at *slander* na isinampa ng 70th IB. Naniniwala ang mga grupo sa karapatang-tao na ang mga ito ay pawang panggigipit at ganting-salakay matapos isiwalat ng dalawa ang ginawang pagdukot, tortyur at iligal na detensyon ng militar sa kaniila.

Pinagbantaan ni dating presidente Rodrigo Duterte ang buhay ni Deputy Minority Leader at ACT Rep. France Castro sa isang programa sa telebisyon noong Oktubre 11. Ani Duterte, mga tulad ni Castro ang target ng *intelligence fund* at “dapat patayin.”

Sa Camarines Norte, naitala ang anim na kaso ng intimidasyon at pananakot sa mga bayan ng Labo at Jose Panganiban sa pagitan ng Agosto 11 at Oktubre 3. Ang ilan sa mga magsasakang biktima ay nakaranas ng tortyur.

Pamamaril. Noong Setyembre 27, isang grupo ng mga katutubo ang tinangkang imasaker nang pagbababarilin ng mga sundalo ng 9th IB sa Sityo Mapatong, Barangay Malaya sa bayan ng Labo. Matapos nito, isang katribu nila ang hinuli at ikinulong.

Pinagbababaril din ng 62nd IB ang komunidad sa Sityo Kapaklan, Barangay Santol, Binalbagan, Negros Occidental noong Oktubre 6. **AB**